| | Department of Education<br>Region III<br>**DIVISION OF CITY SCHOOLS**<br>Angeles City<br>Jesus Street, Pulungbulu, Angeles City | | Document Code: SDO-QF-OSDS-SDS-005<br><br>Revision: 00<br><br>Effectivity date: 10/31/2018 |
|---|---|---|---|
| | **DIVISION ADVISORY** | | Name of Office: **OSDS-SDS** |

RELEASED
FEB 13 2019
By
DepED Angeles City
Division of City Schools

**DIVISION ADVISORY**
No. 46 S. 2018

**To** : Heads of Public Elementary and Secondary Schools

**From** : Schools Division Superintendent

**Subject:** Sining Pandayan

**Date** : February 12, 2019

---

Please be informed that *Sining Pandayan* Festival will be held on February 26, 27 & 28, 2019 at the Malolos Sports and Convention Center, Malolos , Bulacan with the theme *"Likhang Puso, Alay sa Mundo"*. Different activities for MAPEH teachers and elementary and high school students are lined-up to celebrate the Arts Month.

Attached are the contest mechanics and the letter of invite of Mr. Amor J. Dionisio, Institutional Network Program Director, Pandayan Bookshop, Inc. for reference and information.

**LEILANI SAMSON-CUNANAN, CESO VI**
Schools Division Superintendent

*lvl/chiefsgod*

CN # 2019-048

***"SMILES BRIGHT, SERVES RIGHT"***

# Pandayan Bookshop

Ika-21 ng Enero 2019

**LEILANI S. CUNANAN, CESO VI**
**Schools Division Superintendent**

Ma'am/Sir_______________;

Mabuhay at magandang araw po!

Ginaganap po ang Sining Pandayan tuwing Pebrero bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Sining. Naging layunin ng Sining Pandayan ang pagpapalawig at paghasa sa talento ng mga kabataan sa larangan ng sining.

Ngayong darating na Pebrero 26, 27 at 28, taong 2019 ay muli po naming idaraos ang Sining Pandayan Festival sa Malolos Sports and Convention Center, Malolos, Bulacan na may temang: ***"LIKHANG PUSO, ALAY SA MUNDO"***. Kaugnay po nito ay muli po namin iniimbitahan ang inyong dibisyong nasasakupan upang maging isa sa katuwang sa aming programa. Kasama po nating muli ang Department of Tourism at Munisipyo ng Malolos.

Narito po ang listahan ng mga Patimpalak :
**February 26, 2019** – Natatanging Alagad ng Sining para sa mga Guro ng MAPEH sa Bulacan at Badminton Tournament para as mag Guro at Estudyante.

**February 27, 2019** – Poster Making Contest (for Elementary Students) sa umaga at Sayaw sa Bayan (For Teachers) sa hapon.

**February 28, 2019** – Poster Making Contest (for High School Students) sa umaga at Drum and Lyre Competition (for Elementary Students) sa hapon.

Kasabay ng mga patimpalak na ito ang Trade Fairs at iba pang activities na magdadagdag kulay at saya sa naturang pagtitipon.

**Kaugnay po ng aming imbitasyon, kami po bilang kinatawan ng Pandayan Bookshop, ay muling kumakatok at lumalapit sa inyong tanggapan upang humingi muli ng inyong suporta sa pamamagitan ng paglahok ng inyong mga mag-aaral ng Elementarya at High School para sa Poster Making Contest. Humihingi din po sana kami ng pahintulot ninyo na kung maari po sana makapaglagay po kami ng promotional tarp sa gate ng inyong dibisyon.**

Ang inyo pong tanggapan ang isa sa pinakamahalagang susi sa muling tagumpay ng Sining Pandayan 2019 at kami po ay muling umaasa sa inyong positibong pagtugon.

Maraming salamat po at pagpalain po kayo ng Poong Maykapal!

Lubos na gumagalang;
Amor J. Dionisio
Institutional Network Program Director
Pandayan Bookshop, Inc.
CP#09338625244

sangay ng Pandayan Bookshop, at sa social media accounts at website nito.

16. Hindi pinahihintulutan ang paglahok ng kamag-anak ng sinuman sa mga Kapwa na taga-Pandayan Bookshop.

17. Para sa mga paglilinaw, maaaring tumawag o mag-text kina: [illegible]

Pandayan Bookshop
Kabalikat sa Pag-aaral

FIESTA REPUBLICA

2 0 1 9

# POSTER MAKING CONTEST

## Mga Alituntunin ng Paligsahan:

1. Ang tema ng paligsahan sa paggawa ng poster ay **"Likhang Puso, Alay sa Mundo"**.

2. Ang paligsahan ay bukas sa mga mag-aaral mula sa ika-4 hanggang ika-10 na baitang ng pampubliko at pribadong paaralan (**Elementarya: Grade 4-6; Sekundarya: Grade 7-10**) mula sa Gitnang Luzon (Region III), at Pambansang Punong Rehiyon (NCR).

3. Limitadong bilang ng mag-aaral ang maaaring lumahok: **Unang tig-tatlondaang kalahok (300 bawat antas) para sa antas ng elementarya at sekundarya.**

4. Ang pagpapatala kada kalahok ay limampung piso (P50.00).

5. **Maaaring magpatala simula sa ika-7 ng Enero hanggang ika-18 ng Pebrero, 2019** sa pinakamalapit na sangay ng Pandayan Bookshop. Hindi pahihintulutan ang mga walk-in registrants sa mismong araw ng paligsahan.

6. Sa araw ng pagpapatala, dalhin at ipasa ang mga sumusunod:

   a. Certificate of enrollment ng mag-aaral na nais lumahok
   b. Photocopy ng school ID ng mag-aaral na nais lumahok
   c. Photocopy ng faculty ID ng gurong tagapayo
   d. Certificate ng gurong tagapayo na magpapatotoong siya ay kasalukuyang nagtuturo sa paaralang kanyang kinabibilangan

7. Sa araw ng paligsahan, kailangang dalhin ng kalahok ang kanyang participant kit na ibinigay noong araw na siya ay nagpatala sa sangay ng Pandayan. Ipapakita ito sa kawani ng Pandayan Bookshop sa Registration/Validation Area upang mabigyan ng entry number ang kalahok.

8. Ang participant kit ay naglalaman ng sumusunod:

   a. Copy of contest mechanics
   b. Checklist ng things to bring
   c. Event program
   d. Contestant's copy of registration form
   e. Copy of receipt

9. Ang araw, oras, at lugar ng paligsahan ay:

| | | |
|---|---|---|
| Araw | : | Antas ng Elementarya - 27 Pebrero 2019 (Miyerkules) |
| | | Antas ng Sekundarya - 28 Pebrero 2019 (Huwebes) |
| Lugar | : | Malolos Sports & Convention Center, Malolos City, Bulacan |
| Oras | : | 7:00 AM - 9:00 AM - Paglilista ng mga nakapagpatalang kalahok |
| | | 9:01 AM - 9:30 AM - Maikling pagpapaliwanag ukol sa paligsahan |
| | | 9:31 AM - 11:30 AM - Oras ng paligsahan |
| | | 1:30 PM - 2:00 PM - Paghahayag ng unang dalawampu na napiling kalahok |
| | | 4:30 PM - 5:00 PM - Paghahayag ng mga nagwaging kalahok |

10. Ang kalahok ay kailangang magdala ng sariling mga gamit. Samantala, ang gagamiting 10" x 15" (1/8) illustration board ay sasagutin ng Pandayan Bookshop. **Ang pangunahing gamit ay oil pastel.** Maaaring gumamit ng mga kagamitang tulad ng artist brush, bulak, baby oil, lapis, correction fluid, at marking/ink pens.

11. Ang Pandayan Bookshop, Inc. ang magtatalaga ng numero sa bawat likha ng mga kalahok.

12. Ang batayan sa pagpili ng magwawagi ay:

**Pagkaorihinal at Pagkamalikhain (60%).** Ano ang pangunahing ideya ng likhang sining? Gaano ito kabago at naiiba sa lahat? Paano ang paggamit at paglalapat ng materyales sa pinakamalikhaing paraan para ipakita ang orihinal na kaisipan ng lumikha?

**Kaugnayan sa Tema (30%).** Husay ng pagpapahayag at pag-uugnay sa "Likhang Puso, Alay sa Mundo". Paano ipinakita ng kalahok sa kanyang likha ang kaugnayan nito sa tema at paano ito magbibigay inspirasyon sa sinumang makakakita nito?

**Kalinisan ng Likhang Sining (10%).** Ano ang kabuuang kinalalabasan ng likha?

13. Ang magwawagi sa bawat kategorya ay tatanggap ng:

| | |
|---|---|
| Unang Puwesto | - P5,000.00, gintong medalya, Katibayan ng Kahusayan, & gift pack |
| Ikalawang Puwesto | - P4,000.00, pilak na medalya, Katibayan ng Kahusayan, & gift pack |
| Ikatlong Puwesto | - P3,000.00, tansong medalya, Katibayan ng Kahusayan, & gift pack |
| Ikaapat na Puwesto | - P2,000.00, Katibayan ng Kahusayan, & gift pack |
| Ikalimang Puwesto | - P1,000.00, Katibayan ng Kahusayan, & gift pack |

Ikaanim hanggang Ikasampung Puwesto - Katibayan ng Kahusayan, gift pack, & Pandayan Bookshop gift check

14. Maglalaan din ang Pandayan Bookshop ng gift pack at Katibayan ng Kahusayan para sa sampu (10) pang finalists ng dalawang antas.

15. Ang mga mapipiling likhang sining ay magiging pag-aari na ng Pandayan Bookshop at ang larawan ng mga ito ay ipapaskil sa lahat ng sangay ng Pandayan Bookshop, at sa social media accounts at website nito.

16. Hindi pinahihintulutan ang paglahok ng kamag-anak ng sinuman sa mga Kapwa na taga-Pandayan Bookshop.

17. Para sa mga paglilinaw, maaaring tumawag o mag-text kina: Denver Dutello (